# Pagkabalisa ng mga Magsasaka
## sa mga lupaing prayle ng Luzon, 1900-1950: Isang Pagsusuring Aklat*

JAIME B. VENERACION



PATULOY NA PINAGTUTUUNAN NG interes sa loob at labas ng Pilipinas ang usapin ng lupa. Para sa mga nasa kilusan tungo sa pagbabago at rebolusyon, bahagi ang interes na ito sa paniwalang ang pesanteng sektor pa rin ang siyang pagkukunan ng mga kasaping magdadala sa tagumpay. Ang anumang pagbabago ng bansa ay nangangailangan ng pagkasangkot sa pinakamalaking bahagi na ito ng lipunan. Sabihin pa, dahil pesante ang pangunahing salik sa kilusan, ito din ang pinagbubuhusan ng pag-aaral hindi lamang ng pamahalaan kundi ng mga banyagang interesado sa kasasapitan ng bansa.

Sa ganitong konteksto natin matitingnan ang magkakasalungat na interpretasyon sa tunay na naganap sa pagsasakahan. Ang paglitaw ng iba't-ibang pananaw ay bahagi hindi lamang ng tunay na naganap kundi ang paglalantad ng mga *facts* na susuporta sa kani-kanilang ideolohiya.

---

* Michael Connolly, S.J., *Church lands and peasant unrest in the Philippines: Agrarian conflict in 20th century Luzon.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1992

## Ang sumulat

Ang kasalukuyang aklat na sinusuri ay sinulat ni Michael Connolly, isang Heswita. Isa itong disertasyon sa Monash University sa Australya. Kasalukuyang tagapangulo si Connolly ng Departamento ng *Political Science* sa Gonzaga University sa Spokene, Washington, U.S.A. Sa kanyang mga natapos na kurso, malinaw na ang interes niya ay sa larangan ng agham pulitika at diplomasya. Ang aspektong kasaysayan ay nasa gilid lamang ng kanyang pagsasanay at interes.

Ang aklat ay isang pagpapalawak at pagkumpleto sa mga pag-aaral ng mga Amerikano tungkol sa usaping agraryo sa Pilipinas. Ang unang pag-aaral ay ang *Friar Estates of the Philippines* ni Dennis Morrow Roth, na sumasakop sa kolonyal na kasaysayan ng mga *hacienda* sa panahong Espanyol. Ang ikalawang pag-aaral, na sinasabi ni Connolly na naging inspirasyon niya, ay ang sinulat ni Ben Kervkliet, *The Huk Rebellion*, na sinuri ang usapin kaugnay ng rebelyong agraryo matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa aklat ni Connolly, natakpan ang awang ng mga pag-aaral dahil sinakop naman nito ang usaping agraryo sa panahon ng kolonyal na rehimeng Amerikano.

Bakit interesado ang isang Heswitang ang pagsasanay ay agham pulitika sa usáping agraryo sa panahon ng rehimeng kolonyal na Amerikano? Dahilan marahil ang pangyayaring dalawa sa apat na *hacienda* ng Simbahang Katoliko noong panahong yaon ay pinamahalaan at pagmamay-ari ng mga Heswita, isang pagmamay-ari na hindi naging katanggap-tanggap sa mga magsasaka. Marami ang tumutol sa pagpapatuloy ng haciendang prayle. Tuloy, sa matagal na paghaharap sa hukuman ay natipon sa *archivo* ng mga Heswita ang napakaraming dokumento na magbibigay ng isang pag-unawa sa naging ugat at kinasangahan ng mga kilusang pesante at ang pagsagot dito ng mga kleriko. Nagtugma ang interes ng may-akda at ang pagkakaroon ng pagkukunang datos upang makabuo ng isang pananaliksik na mataas ang kalidad.

## Ang kontekstong historikal

Noong 1898, matapos ang digmaan ng Amerika at Espanya, digmaang nagsimula sa Cuba at nagtapos sa

Pilipinas sa pamamagitan ng isang "*mock battle*" sa Intramuros, nagkaroon ng negosasyon para sa isang tratado ng katahimikan sa Paris. Maraming bagay na dapat pang linawin matapos ang labanang militar. Kabilang sa kumplikasyong dapat bigyang linaw ay ang pagkuha sa malaking bahagi ng Pilipinas ng mga rebeldeng Pilipino na nag-alsa laban sa Espanya. May suliranin din sa halaga ng kumpensasyon ng magkabilang panig.

Humiling ng kumpensasyon na $20 milyon ang Espanya para sa mga propiedad ng Estado sa Pilipinas. Kaya nga, nagkaroon ng katanungan tungkol sa paghihiwalay sa mga pag-aaring publiko at pridado. Paano bang tatratuhin ang mga simbahan, kapilya at lupaing donasyon sa Simbahang Katoliko? Mababawi pa ba ang mga simbahan at propiedad na kinamkam ng mga Aglipayan at ng "rebeldeng" pamahalaang Pilipino? Kung mababawi ang nasabing propiedad mula sa mga Pilipino, dapat bang ihiwalay ito sa pag-aaring publiko ng kolonyal na pamahalaan ng Espanya?

Ang sistema ng pamahalaang Espanyol ay kaiba sa sistemang Amerikano. Sa pamamagitan ng tinatawag na *Patronato real*, ang Estado at Simbahan ng Espanya ay isang pamahalaan. Noong panahon pa ng Papa Alejandro VI, noong ika-16 na dantaon, ay naigawad sa hari at reyna ng Espanya ang kapangyarihang pumili ng pari, bigyan sila ng promosyon para maging obispo at magtatag ng mga pundasyong makakatulong sa pagkalat ng Kristiyanismo sa mga kolonya. Ibig sabihin nito, ang lahat ng kápangyarihan ng Papa bilang isang pinunong relihiyoso ay maaaring ipatupad ng hari sa loob ng kanyang imperyo, kapangyarihang nakuha niya bilang patron.

Ngayong paalis na ang Espanya sa huli niyang kolonya, may panganib na masangkot ang propiedad ng Simbahan sa isusukong propiedad publiko. Kaya nga may talinong pinaghandaan ng Papa ang panganib na ito sa pamamagitan ng paglalabas ng panibagong bula na may pamagat na *Quae Sinico Mari*. Sinasabi ng deklarasyong ito na dahil sa pag-atras ng imperyong Espanya sa mga kolonya, ang kapangyarihan ng hari na nilalaman ng *Patronato Real* ay pinawawalang bisa. Kaya ang propiedad ng Simbahang

Katoliko ay hindi na maaaring samsamin bilang bahagi ng isinusukong propiedad ng Estado. Sa pamamagitan ng kinatawan ng Papa sa negosasyon, si Arsobispo Chapelle, ipinadagdag din ang probisyon na igagalang ng bagong pamahalaang Amerikano ang pribadong pagmamay-ari ng nasakop na mamamayan at institusyon.

Sa mga pag-uusap tungkol sa mga lupaing prayle sa panahon ng pagkatatag ng rehimeng kolonyal ng Amerika, lumitaw ang isang litanya ng paulit-ulit na debate tungkol sa tunay na pagmamay-ari ng mga ito. Upang patahimikin ang mga Pilipino, gumawa ang mga Amerikano ng programa na bilhin ang mga lupaing prayle. Ngunit hindi naresolba ng bilihan ang suliranin sapagkat muling ipinagbili ng pamahalaan ang mga lupaing prayle sa mga may kakayahang bilhin ito. Ang karaniwang pesante ay walang sapat na salapi upang makabili ng lupa. Bukod dito, ilang propiedad ng Simbahan ang hindi nasama sa bilihan. Hindi raw ito mga lupaing prayle sa depinisyon ng gobyerno dahil ito ay bahagi ng mga donasyon ng pribadong tao o dili kaya ay bunga ng kanilang pagpapatitulo dito sa ilalim ng patakaran ng hari noon tungkol sa mga hindi ginagamit na lupain (na tinatawag na ***realengos baldios***). Matatandaan na bahagi ng programa ng Espanya noong 1880s na paunlarin ang Pilipinas sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga lupaing hindi ginagamit ng sinumang nais maghain ng petisyon para linangin ito. At ang Simbahan, sa pamamagitan ng Arsobispo ng Maynila ay nakakuha ng malalawak na lupain sa Zambales, Bataan at Mindoro. Sabihin pa, hindi naging maalam ang mga Pilipinong nakatira sa mga lupaing ito sa tunay na kahihinatnan ng kanilang paninirahan at pagsasaka dito. Marami ang naging mga pesante samantalang ang iba naman ay naging mga "taong labas" o tulisan.

Ito ang ugat ng mahabang usapin sa pagitan ng Simbahang Katoliko at ng mga pesante sa mga ***hacienda***. At ito ang pinaksa ni Connolly sa kanyang aklat.

## Ang aklat

May siyam na kabanata ang aklat at may habang isandaan at animnapung pahina sa 6 x 8 na papel. Bukod sa introduksyon at konklusyon na tig-isang kabanata, ang

apat na kabanata ay iniukol sa paglalarawan ng isa-isa sa apat na *hacienda* sa Luzon na siyang paksa ng pag-aaral. Pagkatapos ng pagbibigay ng *background*, ang tatlong iba pang kabanata ay pagsasalaysay ng labanan sa pagitan ng pamahalaan at ng mga samahan ng pesante at sa pagitan ng Heswita at ng mga samahang tulad ng *Yapak* at *Oras Na*. Hindi malinaw kung bakit sa mga organisasyong ito lamang naukol ang pag-aaral samantalang ang apat na *hacienda* naman ay kinapalooban ng mga samahang magsasaka. Marahil ay dala na lamang ito ng pagkakaroon ng higit na datos sa mga haciendang kontrolado ng mga Heswita.

Dahil sa ganitong pagkakaorganisa ng mga paksa, hindi makikita sa aklat ang malinaw na piryodisasyon na mapapansin sa isang historikal na pag-aaral. Kung ang kronolohiya ang naging mas mahalaga sa may-akda, nagkaroon sana ng pag-uugnay kaagad sa mga kaganapan ng iba't-ibang *hacienda* na siya namang talagang nangyari. Sa halip, ang pinalutang ng may-akda ay ang *political dynamics* ng iba't-ibang puwersa na kasangkot sa usaping agraryo, isang bagay na dapat asahan sa may kasanayan sa larangan ng agham pulitika tulad ni Connolly. Ang paglalarawan ng labanang ito ay paulit-ulit na matatagpuan sa lahat ng kabanata sapagkat hindi naikulong sa mga "panahon" o baitang ng pag-unlad ayon sa iba't-ibang tema tulad ng ginagawa ng mga historyador.

Gayunpaman, mula sa partikularidad ng iba't-ibang *hacienda* na tinalakay, makakatas natin ang mga temang nais patunayan ng may-akda. Ayon kay Connolly, nagsara ang prontera sa mga haciendang ito sa mga taong 1880. Bago ang taong ito, maliit lamang ang mga renta, may libreng *access* sa likas na yaman ng lugar at may masasabing kasaganaan. Ngunit sa pagitan ng 1890 hanggang 1914, nagkaroon ng paghihirap dahil sa epidemya ng kolera, peste ng balang at sakit ng hayop, ang kaguluhan dala ng rebolusyon at ang pagbagsak ng kita mula sa pagluluwas. (p. 92) Inulit ito sa bandang huli ng aklat. Ayon sa may-akda, ang pagsasara dahil sa *internal colonization* ng prontera sa lupa at ang paglaganap ng paglilinang ng asukal ang nagbigay-daan sa malayong agwat ng kinikita sa kanayunan, ang paglago ng konsentrasyon ng pagmamay-

ari ng lupa at ang pagdami ng mga pesanteng walang lupa. Hindi naging tiwalag ang Simbahang Katoliko sa mga pangyayaring ito. Katunayan, sa harap ng krisis sa ekonomiya, sinamantala nito ang paglawak ng produksyon para sa pagluluwas ng hilaw na yaman gayundin ang biglaang pagtaas ng halaga ng mga lupang propiedad. (p. 2) Nagkaroon tuloy ng dahilan upang ang mga pesante ay tumutol sa mga bagong patakaran sa buwisan at sa paglalagay ng mga bagong tanim kapalit ng nakagisnan nilang palay. Bilang pagsunod sa iskema ni Jonathan Fast at Jim Richardson, (*Roots of Dependency*), na siya ring ginamit na iskema ng mga sumulat para sa *Philippine Social History* na pinamatnugutan nina Alfred McCoy at Ed de Jesus (Ateneo, 1980), ang mga pagkabalisa at kilusang pesante sa Luzon ay bahagi ng krisis na dala ng pagkatali ng kolonya sa *metropolis*.

Ang Dinalupihan Estate sa Bataan tulad din ng San Jose Estate sa Mindoro, ay sinimulang gawing pataniman ng tubo dahil sa magandang posibilidad ng agrikultura ng mga produktong panluwas tulad ng asukal, abaca at copra. Nagkaroon ng Payne-Aldrich *tariff* na nagbigay ng libreng buwis at malaking *quota* sa asukal na iniluluwas ng Pilipinas patungong Estados Unidos. Nadesisyunan ng Arsobispo ng Maynila, sa pamamagitan ng kanyang mga tagapayo sa usaping pinansiya, na linisin ang mga lugar na hindi gaanong nalilinang, hatiin ang mga produktibong seksyon ng *hacienda* upang iukol ang isang bahagi sa asukal, ang ibang bahagi sa palay at ang ikatlong bahagi, para sa gilingan ng tubo at mga riles ng tren na patungo dito. Bahagi rin ng programa na ayusin noong 1914 ang *titulo torrens* ng lupa na nagawa naman noong Mayo 15 ng taong yaon.

Ngunit ang dalawang aksyong ito ng Arsobispo ay gumising sa mga pesante para lumaban. Kinuwestiyon nila ang madaling paggawad ng titulo sa Simbahan at ang pagpanig at panloloko ng mga tauhan ng korte dito na hindi man lamang binigyang pansin ang kanilang sari-sariling mga petisyon. Sa kaso ng mga *inquilino* (o *lessee*) na tinanggap ang pagmamay-ari ng Arsobispo sa *hacienda*, naging kumplikado ang usapin sapagkat maging ang lokal na pari ng parokya ay pumanig sa mga magsasaka. Iniulat ng pari na ang administrador ng *hacienda*, isang Kastilang

nagngangalang Hermogenes Banzon, ay hindi ipinapasok ang mga salaping ibinabayad bilang upang-buwis ng mga magsasaka. Pinasabihan niya ang delegado ng Papa sa Pilipinas na tingnang mabuti ang mga hinaing ng mga *inquilino* sa pamumuno ng isang Teodoro David.

Sinagot naman ni Banzon ang akusasyon sa pagsasabing naging masinop siya sa paniningil ng mga hindi nababayarang renta kasabay ng pagpetisyon ng mga abogado ng Arsobispo para sa *titulo torrens*. Ayon sa kanya, ang mga protesta ay organisado lamang ng ilang nanggugulong elemento at nagugulat siyang ang pari ng parokya sa *bacienda* ay siyang pinuno ng paglaban sa Arsobispo.

Hindi nagtagal at ang *bacienda,* dahil sa mga suliraning pinansyal ng Arsobispo noong matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig ay pinasara na ang gilingan ng tubo. Napabayaan ang *bacienda*. At sa dekada ng 1930, pauupahan na lamang niya ito sa kalapit na gilingan, ang Pampanga Sugar Mill o PSM bilang paraan para mabayaran ang pagkakautang sa pagpapagiling ng tubo dito. Ito ang naging bagong sentro ng labanan sa pagitan ng Simbahan at mga pesante. Tutol ang mga pesante sa pagpaparenta ng *bacienda* sa PSM. Hindi lamang mataas ng tatlumpung porsiyento ang nais singilin nito; ang kontrata ng paglilinang ay dapat gawin taun-taon. May kondisyon din na hindi na maaaring magtanim ng palay sapagkat ang buong *bacienda* ay ilalaan sa tubo.

Hindi gaanong epektibo ang kilusan ng mga pesante sa Dinalupihan. Natatag ng *Liga de Campesinos* ang mga magsasaka ngunit maraming hindi nakisangkot sapagkat ang malalaking *inquilino* ay nagbuo ng sarili nilang pangkat. Katunayan, si Teodoro David na noong una ay siyang timindig na lider sa pagtutol sa pagmamay-ari ng Arsobispo sa Dinalupihan ay siya pang naging kalaban ng maliliit na pesante nang makakuha siya ng kontrata sa buwisan para sa malaking bahagi ng *bacienda* mula sa Pampanga Sugar Mill na namahala dito noong 1930s. Siya na ang nakiharap sa magsasaka bilang tagapagpatanim ng asukal sa paraang *kasamaban*.

Ang San Pedro Tunasan sa Laguna ay isa pa sa mga sinuring *bacienda* ni Connolly. Ayon sa kanya, ang Colegio

de San Jose ng mga Heswita ay nawalan ng kontrol sa Tunasan dahil sa Rebolusyon. Ang administrador na si Tomas Torres ay walang makolektang renta dahil sa atake ng mga rebelde at bandido. Ang mga malalaking *inquilino* na siyang direktang nangungupahan sa kanila ay nawalang parang bula marahil dahil sa kanilang pakikiisa sa mga rebelde o pagtakas para sa sariling kaligtasan. Halos ikatlong bahagi lamang ng inani ang nakuha ng Colegio sa kanilang *hacienda.*

Noong 1902, hinirang ng Colegio ang isang impluwensiyal na *inquilino,* si Cirilo Guevarra, bilang administrador upang mapadali ang muling pagbalik sa kanila ng kontrol sa *hacienda*. Nagtagumpay naman si Guevarra, na mapapirma ang mga *inquilino* ayon sa dating kondisyon ng buwisan. Ngunit marami rin ang ayaw nang magbayad ng kanilang buwis. Ang namuno sa mga tumutol ay sina Gregorio Alvarez at Isidro Berroya. Bilang dating *capitan* ng bayan, tanyag si Alvarez bilang siyang nanguna sa pagkuha ng kasapi sa rebeldeng hukbo hanggang sa panahon ng digmaang Pilipino-Amerikano. Kaya ang habla ng Colegio sa kanya ay isang tandaang bato sapagkat ang desisyon ng korte ay magpapatunay kung ang mga Heswita nga ang tunay na may-ari ng *hacienda*.

Noong 31 Hulyo 1909, ipinasya ng hukom na ang Colegio ang lehitimong may-ari ng lupa. Itinakda niya ang pagsasauli ng lupa na kinuha ng may isandaan at limampu't siyam na katao at bayaran ang halaga ng mga hindi nabayarang buwis, ang mga *penalty* at pati na ang halaga ng litigasyon. Kinumpirma rin sa pamamagitan ng desisyon ang kasunduan ni Gobernador Taft at ni Arsobispo ng Maynila Jeremiah Harty noong 1907 na ang Tunasan kasama ang anim na iba pang propiedad ay mapapasailalim sa kontrol ng Arsobispo. Bilang patron ng Colegio, ang Tunasan ay ibibigay ng Arsobispo sa mga Heswita.

Noong 1913, ang dating sundalong Amerikano na si Carlos Young ay naghayag ng interes na bilhin ang *hacienda* mula sa mga Heswita. Bagamat bata pa si Young, kumita siya sa pamamagitan ng pakikisosyo sa isang *supplier* ng pangangailangan ng U.S. Navy. Kung hindi ayaw naman ng mga Heswita ang bilihan, inihayag din niya ang interes

na maupahan na lamang ito ng matagalan na may limampu hanggang animnapung taon. Magbabayad siya ng P9,000 sa simula ng taon at ibibigay ang *advance* na P25,000 sa araw ng pirmahan ng kontrata. Marami na siyang mga *hacienda* na nabili sa ganito ring paraan tulad ng Muntinglupa na nakuha niya sa mga Recoletos. Ang motibo ay ispekulasyon sapagkat panahon ito na pamahal ang lupa na maaaring taniman ng panluwas.

Dahil marahil sa suliranin sa salapi, pumayag ang mga Heswita sa mungkahi liban sa paglalagay sa kontrata ng sampung taon bilang tagal ng unang upahan na maaaring pirmahan muli tuwing limang taon. Para sa mga Heswita, isa itong madaling solusyon sa kanilang suliranin na muling makontrol ang *hacienda*. Ngunit si Carlos Young ay isang suwitik na negosyante. Katunayan, kaagad niyang itinaas ang bayad ng mga *inquilino* ng siyamnapung porsiyento at binawas sa mga pesante ang halaga ng tumaas na buwis ng gobyerno gayundin ang halaga ng administrasyon sa *hacienda*. Lumabas tuloy na wala ng damdamin ang mga Heswita para sa mamamayan. Kaya't sa mga kaso sa hukuman, ito ang pinagdiinan ng mga pesante na dahilan ng mga Heswita sa kanilang pagbibigay ng mahabaang *lease* o paupahan kay Young. Ito rin ang ginawang dahilan ng pangkat ni Gregorio Alvarez upang magharap ng petisyon sa Lehislatura na isali ang Tunasan sa haciendang prayle na dapat bilhin ng pamahalaan upang muling ipagbili sa mga naninirahan at nagsasakahan doon. Sa ulat ng mga tagapayo ng mga Heswita noong 1930, kanilang ipinakita na ang mahigpit na pamamalakad ni Young sa Tunasan ang direktamentang dahilan ng mga protesta sa lugar na yaon.

Naulit ang ganitong *pattern* sa iba pang *hacienda*. Ang gatilyo ng problema sa Lian Estate ay ang pagdating ng mga Heswitang Amerikano noong 1927 bilang kapalit ng mga Heswitang Espanyol. Binigyang pansin ng mga Heswitang Amerikano ang kanilang propriedad na noon ay kumikita bilang buwis mula sa pamilya ng Roxas ng halagang 12,000 lamang. Ang procurador na Heswita ay natuklasan na may *option* ang namumuwisan na bilhin ang nasabing lupain sa halagang P285,714 na noong 1923, ang sinundang administrasyon ay inialok ito sa halagang P400,000. Noong

huling bahagi ng 1927, sa kanyang pagkamangha, nang mabalitaan ang balak na ipagbibili ang *hacienda*, nagsabi ang pamilyang Roxas na maaari nilang bilhin ang *hacienda* sa halagang P550,000, bagay na nais na niyang tanggapin. Ngunit sa paniwalang baka mas higit dito ang halaga ng nasabing propriedad, kumuha siya ng dalawang magkahiwalay na ebalwasyon mula sa mga eksperto sa lupa na nagbigay ng taas na P2,052,820 bilang siyang tunay na halaga nito. Tumawad ang pamilya Roxas ng panibagong kontrata ng pamumuwisan noong 1929, nagsabi ang mga Heswita na hindi na magkakaroon ng panibagong kontrata sapagkat nais nilang magkaroon ng *titulo torrens* ito at ipagbili ng mas maliliit na lote sa mga nagsasaka at naninirahan doon.

Nang makansela ang kontrata ng buwisan, hinirang ng mga Heswita ang isang agrikultor na si Telesforo Chuidian bilang tagapamahala. Ngunit isang "Lupon" ng mga *inquilino* ang natatag sa pamumuno ni Francisco Lejano na kilala rin sa bansag na Kapitan Isko. Bukod sa mga pamilyang Lejano, ang iba pang *inquilino* na kasapi ng lupon ay mula sa pamilya ng Limjuco, pinakamayaman at impluwensiyal sa lugar. Hindi sila pumayag na pirmahan ang mga kontrata ng pamumuwisan o magbayad ng anumang renta. Sa halip, humingi sila ng tulong mula sa mga pulitikong pambansa at lokal. Tinutulan nila at kinuwestiyon ang pagpaparehistro ng lupa sa ngalan ng mga Heswita. Natuklasan tuloy na ang pinanghahawakan ng mga Heswita sa lupa ay hindi matatag. Hindi makita sa kanilang *archivo* ang orihinal ng donasyon ni Padre Jose Cabral na sinasabing tunay na nagmamay-ari sa lupa. Dahil sa petisyon para sa *titulo torrens*, lalo lamang nagkaroon ng puwang ang mga naninirahan upang magtanong kung may karapatan nga ba ang mga Heswita sa *hacienda* ng Lian. Isang ahente ng Bureau of Lands ang tinanong ni Chuidian kung may karapatan nga ba at anong titulo mayroon ang mga Heswita. Nagkaroon ng malawakang hindi pagbibigay ng buwis ang nagsasaka sa mga palayan. Kaya ang administrador na Heswita ay nag-utos sa kanilang abogado na ihabla ang dalawampu't isang *inquilino* noong huling bahagi ng 1931.

Sa harap ng kaguluhang ito, naghain si Angel Limjoco, isa sa mga *inquilino*ng kabilang sa "lupon" ng mungkahi

sa mga Heswita na handa siyang magbayad ng buwis sa halagang P80,000 taon-taon para sa buong *hacienda* sa loob ng dalawampung taon at pagkatapos nito, ang buong *hacienda* ay mapapasakanya matapos bayaran ang halagang **piso**. Naging katanggap-tanggap ang mungkahing ito bagamat marami ang may suspetsa na wala itong kahihinatnan. Ang ilang *inquilino* sa pamumuno ni Manuel Pagara ay sumulat naman sa Ayala and Company na may-ari ng gilingan ng asukal sa Calatagan na bilhin ang nasabing lupa upang sila na ang magpabuwis. Agad pinaalalahanan ni Limjoco ang mga *kasama* na kung gayon ang, mangyayari, para na rin nilang tinanggap ang legalidad na pagmamay-ari ng mga Heswita sa *hacienda*. Ngunit sinabihan siya ni Pagara na gayon din ang implikasyon ng panukala ni Angel Limjoco na *lease with option to purchase* para sa buong *hacienda*. Ang hidwaan sa pagitan ng mga *inquilino* ang naging simula ng pagkakahati-hati ng mga namumuwisan na naging hadlang sa malinaw na resolusyon ng kaso.

Nagkaroon ng negosasyon sa pagitan ng pamahalaan at ng mga Heswita upang matigil ang mga kaguluhan. Iminungkahi ng pamahalaan na bilhin ang *hacienda* upang maipakalat sa mga nagsasaka dito. Sa pamamagitan ng Rural Progress Administration ay nabili ang Lian noong 22 Mayo 1941 sa halagang P241,000 para sa 3,723 hektaryang sakahan at P128,475 para sa 51 hektarya ng mga tirahan ayon sa probisyon ng Commonwealth Act 539. Noong una, ayaw bayaran ng mga taga-Lian ang kanilang lote sa paniwalang napasakanila na ito dahil sa tinatawag na *prescription*. Noon lamang 1951 nagsimulang makipagkasundo ang mga nakatira at magsasaka na bayaran sa Bureau of Lands ang mga lupa.

Ang Buenavista Estate ay tulad ng Lian dahil naging bahagi din ito ng bilihan sa pagitan ng Rural Progress Administration at ng Arsobispo ng Maynila. Mahaba ang kasaysayan ng Buenavista dahil una itong natatag noon pang 1580 bilang isang donasyon sa mga pari ng ospital ng San Juan de Dios ng isang sundalong bahagi ng pangkat ni Legaspi. Nasa mga bayan ng San Ildefonso at San Rafael, Bulakan ito. Sa lawak na mahigit na 27,000 hektarya, ito ang pinakamalaking *hacienda* ng Simbahan sa buong Pilipinas. Ngunit malaking bahagi nito ay prontera. Kaya

ang gamit nito ay bilang pastulan ng baka. Noong panahon ng Rebolusyon, napasakamay ng mga Pilipino ang ***hacienda*** at nagkaroon ng panahon na hindi muna nagbayad ng renta o buwis ang mga magsasaka.

Noong 1914, bilang bahagi ng legalisasyon ng mga lupain sa ilalim ng sistemang ***titulo torrens***, nagharap ng petisyon ang Arsobispo ng Maynila laban sa Bureau of Lands na nais ipamahagi ang ***hacienda*** sa mga nakatira doon. Gayunpaman, kahit ang mga ***inquilino*** ay may pagtutol sa petisyon ng Hospital ng San Juan de Dios, tagumpay na nakuha ng Simbahan ang titulo sa lupa noong 1917. Hindi lamang iyon, ginamit nila si Ambrosio Valero, isang kilabot na administrador na Pilipino na taga-San Rafael upang sapilitang ipatanggap ang pamumuwisan ng mga ***inquilino*** at ***kasama*** sa ***hacienda***. Tulad ng ibang ***hacienda***, isang sistema ng inquilinato ang ipinatupad ni Valero. Ang malalaking ***inquilino*** ay pinabuwisan ng may isandaan hanggang dalawandaang hektarya ng lupa bawat isa. Pinaghati-hati naman ito sa mga ***inquilino*** at pinabuwisan ang maliliit na parcela sa mga ***kasama*** o ***aparcero***.

Sa harap ng pananakot at pang-aabuso ng bando ni Valero, nagkaroon pa rin ng pag-oorganisa ang mga magsasaka sa Buenavista. Kumplikado ang sitwasyon sapagkat may malalaking inquilinong kabagang ni Valero. Ilan namang ***inquilino*** ang kaisa ng mga ***kasama***. Nasa kamay ni Valero ang kapangyarihan na baguhin ang klasipikasyon ng lupa upang tumaas o bumaba ang buwis, sukatin ang lupa upang lumaki o lumiit ito at isubasta ang lupa ng hindi alam ng namumuwisan upang maibigay niya ito sa mga huwad na tumatawad sa subasta na karaniwang kamag-anak o kaibigan niya. Dahil sa biglaang pagtaas ng dapat bayarang buwis, maraming ***inquilino*** ang hindi nakatugon dito kaya nasamsam ang kanilang lupa. Ang maliliit na ***kasama*** naman ay nalagay sa higit na mataas na buwis at interes sa kanilang mga utang. Dahil dito, maraming ***kasama*** ang nagkaisa na huwag magbayad ng kanilang buwis at utang, isang bagay na naging dahilan ng sapilitang pagpapatalsik sa kanila at pagpapakulong sa preso sa habla ng kanilang mga ***inquilino***.

Ang mga kondisyong ito ay naging mayamang lupa upang lumago ang kilusang tulad ng ***Kapatirang Magsasaka***

at *Kalipunang Pambansa ng mga Magbubukid sa Pilipinas* na magiging sangay ng *Partido Komunista* noong 1930s. Sa mga sumikat na tagapagtanggol ng mga pesante, namumukod si Juan Rustia. Siya rin ang abogado ng mga pesante sa San Pedro Tunasan sa Laguna at sa iba pang lugar sa gitnang Luzon. Tulad ng ibang lugar, naging argumento ng mga taga Buenavista na walang legal na titulo sa ang Simbahan at hindi na kailangang magbayad pa sila sa kanilang mga lupa. Dahil sa presyur na ito ng mga magsasaka, napilitan si Quezon na makipagsundo sa Simbahan upang mabili ng pamahalaan ang Buenavista upang maipamahagi ito sa mga magsasaka doon. Bagamat tagumpay ang bilihan, ang kaso ng pagpapamudmod sa mga lote ay inabutan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig at mga iskandalo sa bayaran nang magdesisyon ang Simbahan na ibenta ito ng ikalawang beses sa isang Amerikano. Ginawa nila ito, diumano, dahil sa pagkukulang ng pamahalaan na bayaran ng husto ang *hacienda* ayon sa nilalaman ng kontrata ng bilihan.

**Ang mga papuri at puna sa aklat**

Hindi maikakaila na ang aklat ni Connolly ay isang kontribusyon sa literatura ng kasaysayang agraryo. Marami itong detalye na hindi basta-basta matatagpuan sa ibang aklat. Maraming impormasyon ang nakakagulat dahil maaaring magpabago sa ating pag-unawa sa mga personahe ng ating kasaysayan. Ang dokumentasyon ng aklat ay malawak at nagawa ng may-akda na mailantad laluna ang hindi pa gaanong alam na *archivo* ng mga Heswita sa panahong Amerikano.

Isang bagay na mapupulot sa kanyang aklat ay ang naging tunay na papel ng mga ilustrado noong unang dekada ng rehimeng Amerikano. Kung paniniwalaan si Renato Constantino, walang ginawa ang mga ilustrado kundi maging traydor sa bayan. Ngunit sa mga kasong kaugnay ng mga haciendang prayle, malinaw na naging progresibo ang kanilang papel. Sa aking pag-aaral ng kasaysayan ng Bulakan, napuna ko na ang naging papel ni Felipe Calderon na tumindig bilang abogado ng mga magsasakang pinamunuan sa Calamba ni Paciano Rizal. Sa aklat ni

Connolly, binanggit niya ang pagiging abogado ng mga *inquilino* at magsasaka ni Felipe Buencamino sa mga kaso sa Tunasan at Lian. Makikita rin ang progresibong papel ni Pardo de Tavera sa pagtatatag ng Philippine Medical Association sa paniwalang maaaring patakbuhin nito ang isang paaralang medikal na susuportahan ng Tunasan na makukuha ng pamahalaan sa mga Heswita. Sa kabilang banda, ang batang abogado noon na si Lorenzo Tañada ay naging tagapagtanggol ng mga Heswita laban sa mga pesante ng kanilang mga *hacienda*, bagay na hindi inaasahan sa isang naging modelong makabayan ng kasalukuyang panahon.

Sa muling pagtataya ng naging papel ng mga ilustrado sa unang dekada ng rehimeng kolonyal Amerikano, may kabuluhan na tingnan ang persepsyon ng mga mamamayan sa nilalaman ng pagiging makabayan. Mukhang nagpalit ng papel ang marami — may mga dating heneral ng Rebolusyon na sumuko upang makamit ang benepisyo ng bagong kolonyalismo samantalang may iba naman na bagamat nagmukhang maka-Amerikano ay naging instrumento naman ng kilusang pesante upang labanan ang klerikalismo na siya nilang kaaway ng lumipas na panahon.

Kung titingnan naman natin ang pagkukulang ng aklat, maraming maaaring punahin. Dahil sa dami ng samut-saring impormasyon, hindi naging malinaw ang tunay na tunguhin ng salaysay. Bawat kabanata ay tila nabuo dahil ang impormasyon ay nandiyan na. Samantalang sinasabi ng may-akda na inspirasyon niya ang sinulat ni Kerkvliet tungkol sa pag-aalsang Huk, ang metodo ng nasabing aklat ay hindi mapapansin sa aklat na ito ni Connolly. Si Kerkvliet ang nagmungkahi ng paggamit ng panayam bilang paraan upang buhayin ang nasa isip ng mga mamamayan. Hindi mo matatagpuan dito ang mga panayam sa mga pesante ng mga *hacienda*, maraming buhay pa hanggang ngayon, na magpapakita na hindi totoo ang paniwalang ang mga kilusang pesante ay dahil lamang sa kamangmangan.(p.183) Kay Connolly, ang namayani ay ang dokumentong nandiyan na. Kaya nga hindi niya natarok ang niloloob ng mga magsasaka. Ang kanyang pagkiling ay naging tahasang simbahan at heswita sa kanyang paghuhusga ng pagiging lehitimo nito at ang pagiging hindi makatwiran ng mga magsasaka.

Malinaw ang kontradiksyon sa kanyang paghusga sa mga personahe na kanyang isinasalaysay. Sa isang pahina, inilarawan niya si Quezon ng ganito: "*there is no doubt that Manuel L. Quezon was sincerely dedicated to implementing social justice...*" (p.111) gayong sa ibang pahina naman ay sinabi niyang si Quezon "*made balancing act between big landlords and peasants.*" (p.193) Anong karapatan niyang sabihing tapat ang motibo ni Quezon at hindi dapat pagdudahan gayong binanggit naman niyang ang pamahalaan nito ay *paternalistic* at walang *political will?* Lumabas tuloy na ang lahat ng naging suliranin nang panahong yaon ay responsibilidad ng mga Pilipino, mula sa mga lider, elite at masa at hindi kailanman naging responsibilidad ng rehimeng kolonyal ng Amerika. Gayon din ang magkakontra niyang pagtaya sa karakter ni Juan Rustia, ang abogadong lider ng mga pesante sa Bulakan at Laguna. Sa isang banda ay bingkis niya ang pamumuno na ito ng ilang kinatawan ng *elite* at ang pagsasaboses ng mga karaingan ng mahihirap na isang paraan na napasusunod niya ang mga ito; sa kabilang banda, kung talagang kayang utusan ni Rustia ang mga mamamayan, at kung may *exchange relationship* tulad ng kanyang nais palabasin, ano at hindi nanalo sa mga eleksiyon si Rustia kailanman? (p.110) Para kay Connolly, ang kinatawan ng mga Heswita na si Sinclair na instrumental sa mga negosasyon sa Tunasan na nangsuhol (p.143) ay naging mabuting tao kung ihambing kay Rustia "na laging gumagamit ng ilegal na pamamaraan" sa kanyang kilusan. (p.190)

Ang pinakamahalagang puna ay tungkol sa kung paanong ang tema ay pinatunayan ng mga pangyayari. Samantalang ang talagang nais ipakita ay ang relasyong *dependencia* ng kolonya at *metropolis*, hindi ito lagi malinaw sa mga pagsusuri ng kilusang pesante at ang sagot ng Simbahan. Sa halip na hanapin ang istruktural na pagsasamantala ng Simbahang Katoliko na nabuo bilang *sistemang inquilinato* sa tatlong daang taon ng pananakop, naging paliwanag sa kaguluhan ang pagiging *bankrupt* ng Arsobispo noong 1920s at ang pagtaas ng buwis na ipinataw ng gobyerno. (pp. 187-188) Para bagang walang naganap na rebelyong Tagalog noong 1745 sa mga haciendang prayle kahit wala

pa nga ang pagkawing ng kolonya sa *metropolis* na industriyal. At sa pagtaya sa Simbahan bilang isang resonableng institusyon, para bagang mayroon ng Vatican II noong 1900 na tumitingin sa Simbahan bilang komunidad ng mahihirap. Noong panahong yaon, hindi pa maunlad ang kamalayang sosyal ng Simbahan kayat hindi masasabing ang kanilang reaksyon sa mga kilusan ay produkto lamang ng pangangailangan na suportahan ang kanilang mga paaralan at hospital.

Samantala, bagamat hindi binigyang halaga ng may-akda ang patriotismo at pagiging makabayan sa pinakadalisay na kahulugan, ito ang isang paliwanag sa paglaho ng kilusan sa panahong Amerikano. Hindi lahat ng mga pagkayanig sa lipunan ay bunga ng istruktural na mga bagay, sa ugnayan ng kolonya at metropolis, o sa ugnayan ng kliyente at patron tulad ng binanggit din niya sa kaso ng mga kilusang pesante; maraming pagkilos ang produkto ng mahigpit na pagsasamahan, ng pagbibigay buhay sa kilusang makabayan sa harap ng bagong kolonisador. Higit sa lahat ang kamalayang ito ang susi sa pagniniig ng diwa ng iba't-ibang sektor ng lipunang Pilipino noong mga unang dekada ng kasalukuyang siglo.

* * *